Tagalog

Vol.35 | 2023.09

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation




## 【Sports Festival ng mga Mamamayan ng Ota City】



Upang mapalalim ang interes at pag-unawa ng mga mamamayan ng lungsod tungkol sa sports sa malawak na hanay nila at madagdagan ang kanilang pagganyak na kumilos, ang Ota City ay magbibigay ng pagkakataon upang maging pamilyar ang mga tao sa iba't ibang sports at recreational activities Sa "Sports Day".

- (Kailan) Oktubre 9 (Lunes / Pista opisyal), 2023
- (Saan) Mga sports facilities, parke, paaralan, atbp sa Ota City
- (Magkano) Ito ay karaniwang libre. Ang ilan ay may bayad.
- (Paano mag-apply) Karaniwang walang kailangan ng pre-application. Ang ilang ay kailangan ng pre-application.
- (Makipag-ugnay sa) Ota Sports Association
  ☎ 03-5471-8787　FAX 03-5471-8789　E-mail　info@sports-ota.or.jp

## 【Furuhama Admission-free Day】

Nais mo bang maglakad nang nakapaa sa malambot at maputing buhangin? Maaari mo ding maranasan ang beach sports tulad ng beach volleyball at beach tennis. Libre ang pagrenta ng mga kagamitan at tiyak na masisiyahan dito ang sinuman mula bata hanggang matatanda.

- (Kailan) Setyembre 17 (Linggo), Setyembre 19 (Martes), Oktubre 3 (Martes), Oktubre 15 (Linggo)
  (Setyembre) 10:30 am - 12:30 pm　1:30 pm - 4:30 pm
  (Oktubre) 10:00 am - 12:00 pm　1:00 pm - 4:00 pm
- (Saan) Omori-Higashi Waterside Sports Area Beach Volleyball Main Court
  1-37-1 Omori-Higashi, Ota-ku
- (Makipag-ugnay sa) Ota Sports Association
  ☎ 03-5471-8787　FAX 03-5471-8789　E-mail info@sports-ota.or.jp
- (Magkano) Libre
- (Ilang tao) Hanggang mga 15 katao at gagamit sila ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod.
- (Paano mag-apply) Mag-apply sa venue sa mismong araw

···· Kailan　···· Magkano　···· Ilang tao　···· Paano mag-apply　···· Saan　···· Mag-apply sa　···· Makipag-ugnay sa

## 【Impormasyon tungkol sa Grant-type Scholarship】

Sa Ota City, mayroong sistema ng grant-type scholarship para sa mga may balak na pumasok sa high school, atbp, at nakatugon sa tiyak na grade criteria na kabilang sa tax-exempt na mga sambahayan.

*Mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan tungkol sa mga kinakailangan at pamantayan sa pagpili.

Nobyember 13 (Lunes), 2023 - Enero 12 (Biyernes), 2024

80,000 yen　55 katao

Dalhin o ipadala sa koreo ang mga kinakailangang dokumento sa tanggapan ng aplikasyon

Welfare Management Division
〒144-8621 5-13-14, Kamata, Ota-ku
☎ 03-5744-1245　FAX 03-5744-1520

## 【Sundin ang “Limang Panuntunan para sa Ligtas na Pagbibisikleta”】

1. Bilang pangkalahatang tuntunin, magbisikleta sa kaliwang gilid ng kalsada
   Eksepsiyon sa mga sidewalk, bibigyan prayoridad ang mga pedestrian
2. Sa interseksyon, sundin ang traffic lights, pansamantalang huminto, at kumpirmahin ang kaligtasan
3. Buksan ang headlight sa gabi
4. Ipinagbabawal ang pagbibisikleta nang nakainom
5. Magsuot ng helmet

Urban Infrastructure Development Management Division
☎ 03-5744-1315
FAX 03-5744-1527



## 【English Picture Book Story Time】

Ang storyteller volunteer na si “Lupinus” ay magbabasa ng picture book sa Ingles, gagamit ng mga hand-gestures, kakanta, at iba pa. Sa pagiging pamilyar sa wikang Ingles sa pamamagitan ng picture book, magbibigay ito sa inyo ng kapaligiran na nagpapaunlad ng inyong kaisipan.

Kada ika-4 na Sabado ng mga even-number na buwan Mula 11:00 am

Ikegami Library Multipurpose room

Libre　8 grupo (bawat sesyon)

Kailangan ng reserbasyon (tumawag o personal na pumunta sa tanggapan)

☎ 03-3752—3341　FAX 03-3752-9749

## 【Paper Play Show (Para sa mga Dayuhan)】

Ito ay isang paper play show ni “Kamishibai no Ei-chan” para sa mga dayuhan. Sa paper play show, maghahatid kami ng mga lumang kwento at kultura ng Japan sa paraang madaling maunawaan. Ang performer na si Ei-chan ay may karanasan sa pagtatanghal sa Europa at Asya.

Setyembre 24 (Linggo), 2023 2:00 pm – 3:30 pm

Omori-Minami Library 2nd floor Multipupose room

Libre　Kapasidad 20 katao (first come, first served)

Sa telepono, FAX o library counter

Omori-Minami Library

☎ 03-3744-8411　FAX 03-3744-8421

# 【Espesyal na eksibisyon na ginugunita ang ika-200 na anibersaryo ng kapanganakan ng Katsu Kaishu】

Pagkatapos ng walang dugong pagsuko ng Edo Castle, si Katsu Kaishu at ang kanyang pamilya ay nanirahan sa Shizuoka nang humigit-kumulang apat na taon bago lumipat sa bahay na nasa Akasaka Hikawa, Tokyo. Ipakikilala ang pamilya ni Katsu sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga blueprint ng inayos na bahay gamit ang crowdfunding, portrait ng pamilya, atbp. Mangyaring tingnan ang espesyal na video na bagong ginawa para sa eksibisyon.



Agosto 11 (Biyernes / Pista opisyal) – Nobyembre 26 (Linggo), 2023
■ Oras na bukas ang Museum 10:00 am - 6:00 pm
*Lunes (susunod na araw kapag ito ay pista opisyal)
*Mangyaring tingnan ang website ng Ota City para sa mga pinakabagong impormasyon.

Katsu Kaishu Memorial Museum

☎ 03-6425-7608
FAX 03-6425-7610

■ Bayad sa pagpasok Pangkalahatan 300 yen, elementary at junior high school 100 yen (may iba't-ibang discounts)

# 【Ika-12 Fureai Festival sa Haneda, Haginaka】

Isa itong panrehiyong pagdiriwang na gaganapin ng iba't ibang pangkat bilang isa tulad ng neighborhood association, town council, mga lokal na kompanya, merchant association, atbp. Ang kaganapan ay gaganapin sa entablado at nakahilera sa loob ng venue ang mga food stall at mga kakaibang refreshment booth.

Oktubre 15 (Linggo), 2023

Haginaka Park Youth Baseball Stadium

Malayang lumahok

Haneda Branch Office
☎ 03-3742-1411
FAX 03-3742-1502
E-mail haneda@city.ota.tokyo.jp

# 【Furuhama Beach Yoga】

Ang Morning Yoga ay ginagawa sa harap ng dagat, sa ilalim ng araw sa umaga. Ang Sunset Yoga naman ay ginagawa sa paglubog ng magandang araw. I-refresh ang iyong isip at katawan habang dinadama ang hangin at araw sa labas!

Morning Yoga: Oktubre 14 (Sabado) 10:00 am – 11:00 am
Sunset Yoga: Oktubre 1 (Linggo) 4:30 pm – 5:30 pm

Omori Furusato-no-Hamabe Park Beach Area
1-1 Furusato-no-Hamabe Park, Ota-ku

Libre　30 katao　Mag-apply sa venue sa mismong araw

Ota Sports Association
☎ 03-5471-8787　FAX 03-5471-8789　E-mail info@sports-ota.or.jp

# 【Aplikasyon para sa admission sa daycare center mula Abril 2024】

## 【Aplikasyon para sa Admissyon sa Licensed Nursery School】

- Para kanino
  Mga bata na hindi makatanggap ng pangangalaga sa bahay dahil sa trabaho (pati ang naghahanap ng trabaho), sakit, panganganak, pag-aalaga, pagpasok sa paaralan, atbp. ng kanilang guardian
- Pamamahagi ng mga kinakailangan na dokumento
  Ipamamahagi namin ang 2024 na bersyon ng "Guidebook para sa Aplikasyon para sa Admission" at ang kinakailangan na form para sa aplikasyon mula Setyembre 25 (Lunes) sa lugar na papatunguhan ng aplikasyon, kaya mangyaring kumpirmahin ang paraan ng aplikasyon, atbp. Para sa mga may banyagang nasyonalidad, kinakailangan kumpirmahin ang kanilang status of residence.
- Pagtanggap sa katapusan ng linggo
  Nobyembre 5 (Linggo) Mula 9:00 am hanggang 4:00 pm  Tatanggap ng aplikasyon sa papatunguhan ng aplikasyon.

Oktubre 2 (Lunes) – Nobyembre 30 (Huwebes), 2023

Sumangguni sa lugar na papatunguhan ng aplikasyon

Dalhin ang mga kinakailangang dokumento sa lugar na papatunguhan ng aplikasyon

Nursery Usage Support Section  Nursery Services Division  Ika-3 palapag ng Ota City Office  ☎ 03-5744-1280

# 【Website ng Ota City at Portal Site ng Disaster Prevention ay Available sa 131 Wika!】



©Ota City

Mula Agosto 1, ang website ng Ota City at portal site ng disaster prevention ay available sa 131 wika, na nagbibigay-daan para sa mabasa ang iba't ibang impormasyon ng Ota City at impormasyon sa sakuna sa maraming wika. Lalo na sa taglagas kung kailan maraming natural na sakuna ang nangyayari tulad ng bagyo, malakas na ulan, atbp. Para sa impormasyon sa sakuna, tingnan ang sumusunod:

1. Website ng Ota City (Available sa 131 wika)
2. Portal site ng disaster prevention (Available sa 131 wika)
3. Disasater Hazard Map ng Ota City (Bersyon na nakasulat nang side by side sa Ingles at Intsik, at bersyon sa Simpleng Hapon)

Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
☎ 03-5744-1227  FAX 03-5744-1323

# 【Pag-recruit ng mga estudyante para sa beginner Japanese course】

Ito ay klase para sa mga taong mag-aaral ng wikang Hapon sa unang pagkakataon. Bisitahin ang website para sa mga detalye.

Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981  FAX 03-6410-7982
E-mail  mail@ota-goca.or.jp

Ang papel ng impormasyon na ito ay inilalathala ng 8 beses sa isang taon. Ipinamamahagi ito sa mga pasilidad sa Ota City tulad ng mga library, children's center, at city branch offices, at sa mga istasyon sa loob ng Ota City tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Zoshiki.

▼ Impormasyon para sa mga dayuhan

▼ Multilingual Consultation Desk

Inilathala  Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
Address  〒144-0052 Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku  Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota)
☎ 03-5744-1227  FAX 03-5744-1323